SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 093-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 174-T2021/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 20-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN DALAWAMPU'T TATLONG LIBO ISANG DAANG PISO AT WALUMPU'T APAT NA SENTIMOS (P123,100.84) PARA SA ISANG BAHAGDANG (1%) CHILD PROTECTION FUND NG BARANGAY GATID, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Gatid para sa Child Protection sa taong 2022;

**SAPAGKAT**, ang mga nasabing programa, proyekto at gawain, ayon sa pagsusuri ay tumutugon sa pangangailangan para sa Child Protection ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 174-T2021/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 20-T2021 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P123,100.84 mula sa Isang Bahagdan (1%) Pondo para sa Child Protection ng Barangay Gatid, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Teresa R Labog

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
2/15/22